
# REX NEPOMUCENO

Si Rex Nepomuceno ay katuwang na propesor sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Nagtapos siya ng MA sa Malikhaing Pagsulat sa parehong unibersidad at nagtuturo ng mga kurso sa komunikasyon at pampublikong pananalita. Ang kaniyang pananaliksik at malikhaing gawa ay umiinog sa mga larangan ng retorika, espasyo, at eksperimental na pagsusulat. Siya ang awtor ng koleksiyong *Apolohiya sa Imbensiyon ng Isang Isla* (Aklat Ulagad 2022) at ng dulang *Getsemani*" (2021).


## TEKTONIK





naganunong sa
isang kasalukuyan

inaaninaw ang
pagkakawatak-watak
ng mga salita

naga-erguhan
kung paano ito
atawirin




nananaginip ng
pagkibo
sa isang nakakandadong
yugto


pero naga-asik-asik
sa isang lugar
'di laang dahil sa
katangian ng heograpiya
kundi sa galaw
ng ulap

at tagal

ang distansiya

ay parehong layo



( ( ( alalahaning ang tunog ay hindi maaaring maglakbay sa loob ng bakyum ) ) )

ang mawala sa lugar ay




ang mawala sa sandali


ay ang makita ang
ngayon



nang mata sa mata

# TEKTONIK


dahil tayo'y
tinatrato
ang wika
bilang problema
lamang ng
espasyo
at hindi ng
oras


tumititig sa
isang kasalukuyan
inaaninaw ang
pagkakawatak-watak
ng mga salita
nag-uumpukan sa
kung papaano ito
tatawirin




nananaginip ng
pagkibo


sa isang nakakandadong
yugto

pero umaambon
sa isang lugar

'di lamang dahil sa
katangian ng heograpiya

kundi sa galaw
ng ulap





ang distansiya

ay parehong layo

at tagal

( ( ( alalahaning ang tunog ay hindi maaaring maglakbay sa loob ng bakyum ) ) )

ang mawala sa lugar ay



ang mawala sa sandali

ay ang makita ang
ngayon



nang mata sa mata